Social Security

# Ang Iyong Karapatang Magtanong Tungkol sa Desisyon na Ginawa sa Iyong Claim

www.socialsecurity.gov

# Ang Iyong Karapatang Magtanong Tungkol sa Desisyon na Ginawa sa Iyong Claim

Nais siguraduhin ng Social Security na natatanggap mo ang mga benepisyo sa Social Security para kung saan ikaw ay kwalipikado. Maingat naming tinitingnan ang lahat ng mga katotohanan bago kami gumawa ng desisyon tungkol sa iyong pagiging kwalipikado para sa mga benepisyo at sa mga benepisyo na maaari mong matanggap. Kung hindi ka sumasang-ayon sa aming desisyon, maaari mo itong apelahin. Ibig sabihin nito, maaari mo kaming hilinging tingnan muli ang iyong kaso. Kapag humingi ka ng apela, titingnan namin ang buong desisyon, hindi lamang ang bahagi na hindi mo sinasang-ayunan. Kung mali ang aming desisyon, babaguhin namin ito.

May apat na level ng apela. Kung hindi ka nasisiyahan sa desisyon sa isang level, maaari kang mag-apela sa susunod.

Ang mga level ay:

- Reconsideration;
- Hearing;
- Rebyu ng Appeals Council; at
- Pederal na korte.

## Kailan mag-aapela

Upang mag-file ng isang apela, mahalaga ang maintindihan ang panahon kung kailan maaari kang humingi nito. Mayroon kang 60 araw upang humingi ng apela mula petsa kung kailan mo natanggap ang sulat na nagsasabi sa iyo kung ano ang aming desisyon. Ipinapalagay

namin na matatanggap mo ang aming sulat sa loob ng limang araw pagkatapos ng petsa sa sulat, maliban kung maipapakita mo sa amin na nakuha mo ito nang mas huli.

Kung hindi ka nag-apela sa loob ng 60-araw na panahon, maaari mong mawala ang iyong karapatang mag-apela at ang huling desisyon na ginawa namin ang magiging pinakahuling desisyon. Halimbawa, kung hindi ka humingi ng reconsideration sa loob ng 60 araw, maaari mong mawala ang iyong karapatang mapa-reconsider ang iyong kaso.

Kung mayroon kang mabuting dahilan upang hindi apelahin ang iyong kaso sa loob ng nakatakdang panahon, maaari ka naming bigyan ng karagdagang panahon. Ang kahilingan para sa karagdagang panahon ay dapat ibigay sa amin nang nakasulat, at dapat magpahayag ng dahilan kung bakit nátagalán.

Kapag ang huling araw ng takdang panahon ay pumapatak sa isang Sabado, Linggo, o piyesta opisyal, ang limit sa panahon ay magtatapós sa susunod na araw ng trabaho.

## Paano mag-aapela

Dapat mong hilingin ang iyong apela nang nakasulat. Maaari mo kaming tawagan at humingi ng pormularyo para sa apela o maaari mo kaming padalhan ng isang pinirmahang paunawa na mayroong iyong Social Security number at na nagpapahayag na nais mong apelahin ang desisyon sa iyong kaso. Kung

ikaw ay nag-file para sa mga benepisyo ng may kapansanan at ang iyong claim ay tinanggihan dahil sa mga medikal na dahilan, maaari kang humiling ng isang apela sa aming website, ***www.socialsecurity.gov/disability/appeal***.

## Ang iyong karapatang magpakatawan

Maaari mong piliing magpatulong sa isang tao sa iyong apela o magpakatawan sa kanya. Ang iyong kinatawan ay maaaring isang abogado o ibang kwalipikadong tao na pamilyar sa iyo at sa programa ng Social Security. Ang pakikipagtulungan na gagawin namin sa iyo ay gagawin din namin sa iyong kinatawan. Siya ay maaaring kumilos para sa iyo sa karamihan ng mga bagay na may kinalaman sa Social Security at siya ay makakatanggap ng isang kopya ng anumang mga desisyon na gagawin namin tungkol sa iyong claim.

Ang iyong kinatawan ay hindi maaaring sumingil o mangolekta ng fee mula sa iyo nang hindi muna kumukuha ng nakasulat na pahintulot mula sa amin. Kung nais mo ng karagdagang impormasyon tungkol sa pagkakaroon ng isang kinatawan, hilingin ang publikasyon na *Ang Karapatan Mo Sa Kinatawan* (Publikasyon Blg. 05-10075), na makukuha rin online sa aming website, ***www.socialsecurity.gov***.

## Reconsideration

Ang isang reconsideration ay isang kompletong rebyu ng iyong kahilingan na gagawin ng isang tao sa Social Security (o sa mga pang-estadong serbisyo ng pagtitiyak ng kapansanan) na hindi lumahok sa unang desisyon. Titingnan ng taong iyon ang lahat ng ebidensiya na ginamit upang gawin ang orihinal na desisyon, at anumang bagong ebidensiya.

Kapag gumawa kami ng isang desisyon tungkol sa iyong reconsideration, padadalhan ka namin ng sulat na magpapaliwanag sa desisyon.

## Hearing

Kung hindi ka sumasang-ayon sa desisyon sa reconsideration, maaari kang humiling ng isang hearing. Ang hearing ay isasagawa ng isang administrative law judge na hindi lumahok sa orihinal na desisyon o reconsideration ng iyong kaso. Ang hearing ay karaniwang ginagawa nang hindi lalampas ng 75 milya mula sa iyong tahanan. Sasabihin sa iyo ng administrative law judge kung kailan at saan gagawin ang hearing.

Bago isagawa ang hearing, maaari ka naming hilinging bigyan kami ng karagdagang ebidensiya at linawin ang impormasyon tungkol sa iyong kahilingan. Maaari mong tingnan ang impormasyon sa iyong file at maaari kang magbigay ng bagong impormasyon.

Sa hearing, ikaw at ang sinumang saksi na dadalhin mo ay tatanungin ng administrative law judge. Ang ibang mga saksi, tulad ng mga



(kabila)

medikal o vocational na eksperto, ay maaari ring magbigay sa amin ng impormasyon sa hearing. Maaari mo o ng iyong kinatawan tanungin ang mga saksi.

Sa ilang mga sitwasyon, maaari naming gawin ang iyong hearing sa pamamagitan ng isang video conference sa halip nang sa personal. Sasabihin namin sa iyo nang maaga kung ganito nga ang mangyayari. Sa mga video hearing, magagawa naming mas mainam para sa iyo ang pag-iskedyul ng hearing. Kadalasan, ang humarap sa korte sa pamamagitan ng video hearing ay maaaring iskedyul nang mas mabilis kaysa sa personal na humarap sa korte. At ang lugar para sa video hearing ay maaaring mas malapit sa iyong tahanan. Maaari nitong gawing mas madali para sa iyo na magpasama sa mga saksi o sa ibang mga tao.

Karaniwang maigi para sa iyo na magpunta sa hearing (nang personal o video conference). Ikaw at ang iyong kinatawan, kung mayroon ka nito, ay dapat magpunta sa hearing at dapat ninyong ipaliwanag ang iyong kaso. Kung hindi ka makakapunta sa isang hearaing o kung ayaw mo itong gawin, dapat mo kaming sulatan sa pinakamadaling panahon upang sabihin sa amin kung bakit.

Maliban na lamang kung naniniwala ang administrative law judge na kailangan mong magpunta nang personal upang pagpasiyahan ang iyong kaso at inuutusan ka niyang magpunta, hindi mo kailangang magpunta. O kaya'y maaari kaming makagawa ng ibang mga paraan para sa iyo, tulad ng pagbago ng oras o panahon ng iyong hearing. Dapat ay mayroon kang mabuting dahilan upang gumawa kami ng ibang mga paraan.

Pagkatapos ng hearing, ang huwes ay gagawa ng isang desisyon batay sa lahat ng impormasyon sa iyong kaso, kabilang ang anumang bagong impormasyon na iyong ibinigay. Papadalhan ka namin ng sulat at kopya ng desisyon ng huwes.

## Rebyu ng Appeals Council

Kung hindi ka sumasang-ayon sa desisyon sa hearing na ginawa ng administrative law judge, maaari kang humingi ng rebyu mula sa Appeals Council ng Social Security. Tinitingnan ng Appeals Council ang lahat ng mga kahilingan na rerebyuhin, pero maaari nitong tanggihan ang isang kahilingan kung ito'y naniniwala na tama ang desisyon sa hearing. Kung pinagpasiyahan ng Appeals Council na rebyuhin ang iyong kaso, maaaring pagpasiyahan mismo ng Council ang iyong kaso o maaari itong mag-isyu ng utos na ibalik ang iyong kaso sa isang administrative law judge para sa karagdagang kilos.

Kung tinanggihan ng Appeals Council ang iyong kahilingan para sa rebyu, padadalhan ka namin ng sulat na nagpapaliwanag sa pagtanggi. Kung pinagpasiyahan mismo ng Appeals Council ang iyong kaso, padadalhan ka namin ng kopya ng desisyon. Kung ibinalik ng Appeals Council ang iyong kaso sa isang administrative law judge, padadalhan ka namin ng isang sulat at isang kopya ng utos.

## Pederal na hukuman

Kung hindi ka sumasang-ayon sa desisyon ng Appeals Council o kung pinagpasiyahan ng Appeals Council na hindi rebyuhin ang iyong kaso, maaari kang maghabla sa isang federal

district court. Sasabihin din sa iyo ng sulat na ipapadala namin sa iyo tungkol sa desisyon ng Appeals Council kung paano hilingin ang isang korte na tingnan ang iyong kaso.

## Pagtawag sa Social Security

Para sa karagdagang impormasyon at upang makahanap ng mga kopya ng aming mga inilimbag na lathalain, bumisita sa aming website sa ***www.socialsecurity.gov*** o tumawag ng libre, sa **1-800-772-1213** (para sa mga bingi o may kahirapan sa pandinig, tumawag sa aming TTY na numero, sa **1-800-325-0778**). Tinuturing namin ang lahat ng mga tawag na kumpidensyal. Kung ikaw ay nagsasalita ng Kastila, pindutin ang 2. Para sa lahat ng ibang mga wika, pindutin ang 1, manatili sa linya at manahimik habang nagsasalita ang aming awtomatikong hudyat sa boses Ingles, hanggang mayroong isang kinatawan na sumagot. Ang kinatawan ay tatawag sa isang tagasalin-wika upang tulungan ka sa iyong tawag. Ang serbisyo para sa tagasalin-wika ay libre. Maaari naming sagutin ang mga partikular na katanungan mula alas-7 ng umaga hanggang alas-7 ng gabi, Lunes hanggang Biyernes. Maaari kaming magbigay ng impormasyon sa Ingles sa pamamagitan ng awtomatikong serbisyong telepono 24-oras sa isang araw.

Nais din naming siguraduhin na makatatanggap ka ng wasto at magalang na serbisyo. Ito ang dahilan kung bakit mayroon kaming pangalawang kinatawan ng Social Security na nagmo-monitor ng ilang mga tawag sa telepono.

**Social Security Administration**
SSA Publication No. 05-10072-TL
Your Right To Question The Decision Made On Your Claim (Tagalog)
January 2011